



Alamin ang tungkol sa inyong mga opsiyon sa pagboto



Mayroon ang LAVOTE.GOV ng lahat na kailangan ninyo para sa Primary Election sa Hunyo 7. Ang LA County Registrar-Recorder/County Clerk ang opisyal na mapagkukunan ng wasto at walang pinapanigang impormasyon sa eleksiyon at mga pantulong sa pagboto. Hindi kailanman naging mas madali, mas maginhawa, at mas ligtas ang pagboto. Basahin kung paano kayo maaaring maghanda para sa eleksiyon!

Paano ako maaaring magparehistro para sa pagboto? Kailan ang huling araw ng pagrehistro?

Kung kayo ay lumipat, bago sa LA County, o boboto sa unang pagkakataon, **dapat** kayong magparehistro para sa pagboto bago ang **Mayo 23, 2022** upang makatanggap ng balota para sa *Vote by Mail*. Ang pinakamadaling paraan ng pagrehistro para sa pagboto ay ang pagbisita sa LAVOTE.GOV.

Kung wala kayong akses sa internet, mayroong mga *paper voter registration card* na makukuha sa karamihan sa mga gusali ng pamahalaan – gaya ng mga aklatan o tanggapan ng DMV.

Maaari ko bang masubaybayan ang aking Balota sa *Vote by Mail*?

Oo! Maaari ninyong masubaybayan ang bawat hakbang na nagaganap sa inyong balota sa pamamagitan ng pag-*subscribe* sa **Where's My Ballot?** (california.ballottrax.net) nang libre. Tatanggap kayo ng mga notipikasyon sa pamamagitan ng *text message*, *email*, o *voicemail* patungkol sa katayuan ng inyong balota na ipinadala sa koreo. Pagkatapos ninyong ibalik ang inyong balota, tatanggap din kayo ng isang notipikasyon kung kailan ito natanggap sa opisina ng *Registrar* at ito ay mabibilang.

Ano ang aking mga opsiyon sa pagboto?

1. **Bumoto sa pamamagitan ng koreo.** Bawat rehistradong botante sa LA County ay padadalhan ng isang balota para sa *Primary Election* ng Hunyo. Magsisimula ang pagpapadala sa koreo sa Mayo 5. Ang kailangan lang ninyong gawin ay punan ito, lagdaan ang *Return Envelope*, at ibalik ito. Huwag nang maghintay. Bumoto nang maaga!
2. **Ihulog sa isang *Ballot Drop Box*.** Maaari ninyong iwasan ang mga pila sa *Vote Center* sa pamamagitan ng pagboto nang maaga at pagbabalik ng inyong balota sa isa sa mga lokasyon ng 400 Opisyal na *Ballot Drop Box*. Ang listahan ng mga lokasyon na malapit sa inyo ay kasama sa pakete ng *Vote by Mail*.
3. **Bumisita sa alinmang *Vote Center* simula ng Mayo 28.** Kung personal kayong boboto, makakatipid ng oras sa pamamagitan ng *mobile Poll Pass*! Maginhawang paraan ito para makatipid ng oras sa isang *Vote Center* sa pamamagitan ng inyong mga pagpili bago pa kayo umalis ng bahay. Isang hiwalay na pagpapadala sa koreo ang isasagawa para sa bawat rehistradong botante na ipinapakita ang pinakamalapit na mga lokasyon ng *Vote Center*.

Ang buong listahan ng mga lokasyon ng *Ballot Drop Box* at *Vote Center* ay matatagpuan sa **LAVOTE.GOV**.

Hindi kailanman naging mas madali ang pagboto sa LA County.
BISITAHIN ANG **LAVOTE.GOV** PARA HIGIT PANG MATUTO.

